Please help ***Por favor, ayuda*** ***Pakiusap tumulong***

www.sandburgfoundation.org

Mahal na mga Pamilya ng Sandburg Elementary,

Ang Sandburg Foundation ay isang hindi pagkikitaang, tumutulong na samahang nakapangakong taos pusong nagpapayaman sa mga karanasan sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa ating paaralan. Ito ay dahil sa inyong tulong na naipagkakaloob naming mga programang nakalaang maaaring hindi mangyayari sa ating mga mag-aaral.

Ang mga guro at mga tagapangasiwa sa Sandburg ay magkakasamang nagtutulungan sa Foundation upang tulungang pag-abutin ang agwat sa pagitan ng pondo ng estado at ang mga pangangailangang pinansyal na kaloob ng mayamang kapaligiran sa pag-aaral. Sa pamamagitan ng tulong ng mga magulang, ninuno, at mga kaibigan ng paaralan, ang nakalipas na apat na taon ng Foundation ay nakapagkaloob ng mga sumusunod na mga programa:

- Isang kabuuang pagkumpuni sa aklatan kabilang ang taonang bagong mga aklat at kagamitan
- Isang bagong kompyuter lab na may video projector, screen at 28 bagong network kompyuter
- Isang part-time consultant, Ms. Molina
- PAWS Character Tiger Mascot
- Field trips, mga gamit sa silid-aralan at mga programang magpapabuti sa silid-aralan
- Pagtatanghal ng Chinese New Year Dance
- Mga magpapabuti sa klase pagkatapos ng pag-aaral (PE, Spanish, Drama, Self-Defense, Chess, atbp.)
- **Baguhan sa 2010 at nagbabalik sa 2011** – Isang Physical Education Instructor, Coach Sean Cahill
- **Baguhan sa 2010 at nagbabalik sa 2011** – YMCA Playground Partnering para sa pananghalian reses

Hinihingi namin ang inyong tulong sa pagbibigay ng donasyong tax-deductible sa ating Annual Giving Campaign. **Hinihikayat namin kayong dalawin ang www.sandburgfoundation.org upang pag-aralan kung papaanong ang mga mahahalagang donasyon ay gagamitin sa pagpapabuti ng pag-aaral para sa ating mga mag-aaral.** Ang donasyon ay maaaring ibigay sa dalawang paraan:

- Gawin ang donasyon sa online na www.sandburgfoundation.org
- Ibigay ang tseke sa kalakip na kapirasong papel sa ibaba

Ang anumang halagang donasyon ay pinasasalamatan. Ang kontribusyon ay maaaring gawing buwanan o minsang pagbigay sa simula ng paaralang taong 2011-2012. Ang aming hangarin ay makamit ang 100% tulong mula sa mga pamilya ng Sandburg para sa Annual Giving Campaign. Lahat ng kontribusyon, kahit gaano kaliit, ay makakatulong at tuwirang mapupunta sa pagsuporta sa Sandburg Elementary.

Pakiusap na punan at ibalik ang inyong donasyon sa kalakip na kapirasong papel o magbigay sa online. Ang inyong donasyon ay 100% tax deductible. Sa inyong patuloy na pagsuporta at pagtitiwala, magagawa natin ang mahalagang pagbabago para sa lahat ng mag-aaral ng Sandburg sa patuloy na pagkakaloob ng isang nagpapayamang karanasan sa pag-aaral.

Thank-you Gracias Cảm ơn Salamat

Sandburg Foundation, Fall 2011

.....

Ang Foundation ay palaging nag-aanyaya ng mga nagkukusang-loob. Kung kayo ay nais tumulong, pakiusap na punan ang nasa ibaba at ibalik ito sa guro ng inyong mag-aaral.

Please help ***Por favor, ayuda*** ***Pakiusap tumulong***

Pangalan: _____ Emayl: _____ Telepono: _____